OPISINA NI MARK CHURCH

# PUNONG OPISYAL NG MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

## Sample na Balota at Opisyal na Pamplet ng Impormasyon ng Botante

Magsisimula sa Enero 25, 2024, ipapadala sa pamamagitan ng koreo ang **Sample na Balota at Opisyal na Pamplet ng Impormasyon ng Botante** sa bawat rehistradong botante sa County ng San Mateo at makukuha online sa ***smcvote.gov***. Ang pamplet ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa **Marso 5, 2024** Pampanguluhang Primaryang Halalan at iba't ibang mga opsyon na magagamit ng mga botante.

---

Ang **"Where's My Ballot?"** ay nagbibigay-daan sa mga botante na masubaybayan ang kanilang mga balota mula sa sandaling ipadala ang mga ito ng aming opisina hanggang sa oras na ito ay mabilang. Mag-sign up sa *smcvote.gov* upang makatanggap ng mga alerto sa text, abiso sa email at update.

## Marso 5, 2024 Pampanguluhang Primaryang Halalan

### Bumoto sa Pebrero 5 hanggang Marso 5

**MAS MARAMING ARAW, MAS MARAMING PARAAN SA PAGBOTO!**

**Ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay Ligtas, Madali at Maginhawa.** Lahat ng rehistradong botante ay padadalhan ng isang **Opisyal na Balota**, na may postage-paid na pambalik na sobre simula sa Pebrero 5, 2024. Ibalik ang inyong balota sa koreo, sa isang Kahong Hulugan ng Balota o sa alinmang Sentro ng Pagboto.

**Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota.** Magkakaroon ng 56 na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota na inilagay sa buong County. Tingnan ang mga lokasyon sa *smcvote.gov*.

**Mga Sentro ng Pagboto.** Magkakaroon ng 45 Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa buong County para sa personal na pagboto at mga serbisyo sa botante. Para sa mga lokasyon at oras ng Sentro ng Pagboto, bisitahin ang *smcvote.gov*.

**Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM) System.** Bumoto gamit ang Sistemang RAVBM kahit saan na mayroon kayong **computer, printer at internet connection.** Tingnan ang mga tagubilin sa *smcvote.gov*.

Ikaw ay nakarehistro bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido. Ang iyong balota ay hindi naglalaman ng mga kandidato sa pagka-Pangulo ng U.S. maliban kung ikaw ay humiling ng crossover na balota o muling magparehistro sa isang partidong politikal. Pumunta sa *smcvote.gov* para sa karagdagang impormasyon.

**Bisitahin ang smcvote.gov o @smcvote**
**Tumawag o Mag-text sa: 650.312.5222**

**Toll-free 888.SMC.VOTE (762.8683)**

San Mateo County
Registration & Elections Division
40 Tower Road
San Mateo CA 94402-4035

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
REDWOOD CITY, CA
PERMIT NO. 451

OFFICIAL ELECTION MAIL®
Authorized by the U.S. Postal Service




**Mga Digital na Sticker**
Kunin ang inyong digital "Ako ay Bumoto" na sticker at ipagmalaki sa inyong mga social media page. Isang hiwalay na digital sticker ang kumikilala sa mga taon na kayo ay rehistradong bumoto.

Ang mga digital sticker ay maaaring matagpuan sa pahinang ***My Election Info*** sa ***smcvote.gov***.

® UNION GCC/IBT LABEL 847-M
IBT 853